

## APPLICATION

- Mas nakikipag-usap ka ba sa ibang tao *online* kaysa *offline*? Bakit? Sa tingin mo, ano ang kailangan mong baguhin simula ngayon?
- Ngayong linggo, pag-isipan ang Mga Taga-Roma 1:11–12 at humingi sa Diyos ng mga pananaw o kaisipang naaayon sa Kanyang salita at humingi ng mga pagkakataon upang makipag-ugnayan sa iyong komunidad ng iglesya.
- Kilalanin ang mga *churchmates* o kaibigan na hindi mo pa muling nakakausap. Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang makabuo ng ugnayan sa kanila?

## PRAYER

- Pasalamatang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng komunidad ng iglesya kung saan ka nakakatanggap ng impartasyon, lakas ng loob, at kagalakan. Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang iyong iglesya upang isulong ang Kanyang kaharian sa iyong komunidad at sa bayan.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng pag-aasam at pananabik na katulad ng kina Pablo at Juan tungkol sa pisikal na pakikipag-kita sa iba pang mananampalataya. Ipanalangin na ipagpatuloy ng Diyos ang pagpapalalim at pagpapatatag ng iyong ugnayan sa iyong komunidad ng iglesya.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng oportunidad na makatulong sa mga makakasalamuha mo ngayong linggo. Ipanalangin na mahikayat sila ng iyong pananampalataya sa Diyos.

# WE YOUR PEOPLE

## Iisang Pananabik, Iisang Pag-asa

WEEK 3

## WARM-UP

- Gusto mo bang nakakatanggap ng mga sulat o mga *notes* na nakasulat sa papel mula sa mga tao na malapit sa iyo? Bakit?
- Kailan ang huling pagkakataon na may kasama kang isang malaking grupo ng tao? Ano ang mga ginawa ninyo at ano ang naramdaman mo nung kasama mo sila?
- Ano ang pinakamatagal na panahon na hindi mo nakita ang isang mahal mo sa buhay? Ibahagi sa amin ang inyong muling pagkikita at ano ang iyong naramdaman nang sa wakas nagkita na kayo?

**WORD** <sup>9</sup>Palagi ko kayong idinadalangin, at alam ito ng Diyos na buong puso kong pinaglilingkuran sa aking pangangaral ng Magandang Balita tungkol sa kanyang Anak. <sup>10</sup>Lagi ko ring idinadalangin na loobin sana ng Diyos na makapunta ako riyan sa inyo. <sup>11</sup>Nananabik akong makita kayo para maipamahagi sa inyo ang mga espiritwal na kaloob na makakapagpatatag sa inyo. <sup>12</sup>Sa ganoon, magkakatulungan tayo sa pagpapalakas ng pananampalataya ng isa't isa. **MGA TAGA-ROMA 1:9-12**

*Marami pa sana akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi ko na lang isusulat. Sapagkat umaasa akong makakadalaw ako riyan at makakausap kayo nang personal, upang malubos ang ating kagalakan. **2 JUAN 1:12***

Sa mga talatang ito, ipinahayag nina Pablo at Juan ang pananabik nila na makasama ang iba pang mga mananampalataya. May nangyayari kapag ang iglesya ay pisikal na nagsasama-sama, upang makipag-ugnayan, manalangin, at magpalakas ng loob ng isa't isa. Sa mga nakaraang taon, nabigyan tayo ng teknolohiya ng iba't ibang paraan upang magkita-kita *online* at makabuo ng mga ugnayan. Ngunit kahit malaki ang naitulong nito, lalo na nang naging mahirap ang pisikal na pagkikita-kita, hindi ganap na



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia  
victory.org.ph

mapapalitan ng teknolohiya ang ugnayan na nararanasan natin sa mga pisikal at personal na pagkikita-kita. Titingnan natin ngayon kung ano ang nangyayari, ayon sa Kasulatan, kapag tayo ay pisikal na nagkikita-kita.

**1 Kapag tayo ay pisikal na nagkikita-kita, nakakatanggap tayo ng impartasyon at napapatatag.**

*Nananabik akong makita kayo para maipamahagi sa inyo ang mga espiritwal na kaloob na makakapagpatatag sa inyo.*

**MGA TAGA-ROMA 1:11**

Alam ni Apostol Pablo ang kahalagahan ng paglalaan ng oras sa mga iglesya na kanyang pinaglilingkuran. Alam niya na kailangan nilang maging matatag sa kanilang pananampalataya, at ang pinakamahusay na paraan para gawin ito ay ang puntahan sila kung nasaan man sila upang makapagbahagi sa kanila ng mga espiritwal na kaloob mula sa Diyos. Tulad nito, kinakailangan din nating mabahaginan ng espiritwal na kaloob na hahasa at makapagpapatatag sa atin upang magawa natin ang mga ipinapagawa ng Diyos. Sa palagay mo, bakit mahalaga ang pisikal na pagkikita-kita upang makatanggap ng impartasyon? Ano ang magagawa nito na hindi magagawa ng mga *online* na pagkikita?

---

---

---

---

**2 Kapag tayo ay pisikal na nagkikita-kita, napapalakas natin ang pananampalataya ng isa't isa.**

*Sa ganoon, magkakatulungan tayo sa pagpapalakas ng pananampalataya ng isa't isa.* **MGA TAGA-ROMA 1:12**

Ang pananabik ni Apostol Pablo na bisitahin ang iglesya sa Roma ay hindi lamang upang makapamahagi siya, pero upang siya ay mapamahagian din. Alam ni Pablo na dahil sa kanilang iisang pananampalataya, mayroon din siyang matatanggap mula sa mga ito. Ang disenyo ng Diyos sa mga relasyon at ugnayan ay upang ito ay maging mabuti para sa isa't isa.

Kapag nakita ng iba kung paano gumalaw ang Diyos sa ating buhay, sila ay mahihikayat, katulad ng maaaring maidulot din nito sa ating buhay. Nagtutulungan tayo at inuudyok ang pananampalataya ng isa't isa. Paano ka nahikayat ng pananampalataya ng isang tao para magpatuloy na maniwala sa Diyos?

---

---

---

---

**3 Kapag tayo ay pisikal na nagkikita-kita, nakakaranas tayo ng lubos na kagalakan.**

*Marami pa sana akong sasabihin sa inyo, ngunit hindi ko na lang isusulat. Sapagkat umaasa akong makakadalaw ako riyan at makakausap kayo nang personal, upang malubos ang ating kagalakan.* **2 JUAN 1:12**

Alam ni Juan ang kahalagahan ng pisikal na pagkikita-kita kahit may iba pang paraan upang mag-usap at kahit mahirap maglabay at magtipon-tipon. Nauunawaan natin si Juan nang sinabi niya na magiging ganap ang kanilang kagalakan kung sila ay magsasama-sama. Pinananabikan natin ang mga pagsasama at mga *reunion* kasama ang ating mga mahal sa buhay dahil ang disenyo ng Diyos para sa atin ay magkaroon ng bahagi sa buhay ng bawat isa. Kahit ang mga simpleng pangyayari sa ating buhay ay maaaring magkaroon ng saysay kung may mga taong bahagi nito. Kailan ang huling pagkakataon na ikaw ay nasa pagtitipon kasama ang komunidad ng iglesya? Paano ka binigyan ng pagtitipon na ito ng kagalakan?

---

---

---

---